THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#558 JAN 16-31, 2026 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Bantang Impeachment hindi Aatrasan ni PBBM




**Hindi natinag si Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. sa umano'y planong pagsasampa ng impeachment complaint laban sa kanya kaugnay sa mga insertion sa 2025 national budget.**

Sinabi ni Palace Press Officer Atty. Claire Castro na nakahanda ang Pangulo sa lahat ng pagkakataon dahil iginagalang nito ang Konstitusyon at ang proseso.

Ayon kay Castro, kung gagawing patibong ng mga magsasampa ng impeachment complaint ang kawalan na ng tiwala ng publiko dahil pinirmahan nito ang 2025 GAA na puno umano ng insertions, wala aniyang ninakaw na pera ang Presidente.

"Pero kung pag-uusapan po natin ay breach of public trust dahil nabanggit ito tungkol sa diumanong pagpirma sa GAA, ang Pangulo po, unang-una, hindi po siya nagnakaw ng pera. Pangalawa, siya po ang nagpapaimbestiga sa mga maanomalyang flood control project at maaaring naging sanhi ng korapsiyon. Pangatlo, wala po siyang 'Mary Grace Piattos,'" diin ni Castro.

Ang tinutukoy na "Mary Grace Piattos" ay ang naging recipient umano ng intelligence fund ni Vice President Sara Duterte, isa sa naging isyu kaya kinasuhan ng impeachment ang Bise Presidente.

Binanggit din ng Palac¬e official na kumpiyansa rin ang Pangulo na patuloy na nagtitiwala sa kanya ang nga mambabatas dahil pinrotektahan nito ang 2026 national budget at hindi basta basta maipalabas ito kung hindi suportado ng mga dokumento ang isang programa o proyekto.

Naniniwala naman si Castro na mga miyembro ng Duterte Diehard Supporters ang nasa likod ng pinaplanong impeachment laban kay Marcos.

"Sa mga supporter ni Bise Presidente na nais magsampa ng impeachment complaint, mas maganda siguro bago magturo, tulungan muna nila ang idolo nila," giit ni Castro.

— *Ulat ng ABANTE NEWS*

# 8 kinasuhan matapos ang rally laban sa imigrasyon at mga kontra-protesta rito

**Canada** First Movement founder at president Joe Anidjar sinabi na sinimulan niya ang inisyatiba noong 2024 upang magpadala ng mensahe sa buong bansa.

Walong katao ang kinasuhan matapos ang isang anti-immigration rally at counter-protest sa labas ng Toronto City Hall kamakailan. Sinabi ng pulis na ang ibang mga officer ay inatake.

Ngunit gaya ng ipinaliwanag ni Lorenda Reddekopp ng CBC, kini-claim ng mga counter-protester na ang pulis ay naging masyadong bayolente.



*Ang popular na suporta para sa imigrasyon ay gumuho na, ayon sa bagong poll*

## 8 sa 10 Conservative Canadians sinabi na masyadong marami ang pumapasok na imigrante

*Sundan sa pahina 11*

# GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation

# Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1

NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!




We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959

EXTRA INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com


# Dahilan ng pagpapatiwakal ni Cathy Cabral

Pinili umano ni dating Public Works Undersecretary Maria Catalina "Cathy" Cabral na kitilin ang kanyang buhay dahil hindi nito matanggap na ginagawa siyang scapegoat sa flood control scandal, ayon sa kanyang abogado.

Sa television interview, isiniwalat ni Atty. Mae Divinagracia na bago nagpakamatay si Cabral sa bangin sa Tuba, Benguet noong Disyembre 19, 2025, tinangka muna nito na saksakin ang kanyang sarili gamit ang kutsilyo sa kanilang bahay pero pinigilan ito ng babae niyang anak. Matapos nito, tumalon naman ito sa hagdan ng kanilang bahay kaya nagkasugat ito at isinugod sa ospital.

Aniya, nagsimula ang lahat nang idawit siya ni dating Undersecretary Roberto Bernardo sa isyu ng allocable funds sa Department of Public Works and Highways (DPWH). Ang allocable funds ay katumbas ngayon ng pork barrel fund na ipinagbawal ng Supreme Court.

"I think this was… about the hearing, sometime or just days after the hearing, former Undersecretary Bernardo implicated her," wika ni Divinagracia. "I think that was just the tipping point."

Ayon sa abogado, labis na ikinasama ng loob ni Cabral ang summary dismissal sa kanya sa DPWH kahit 40 taon itong nagtrabaho sa ahensiya. Dahil dito, nawala ang kanyang retirement pay.

"She felt that she was being used as a scapegoat for the men or the individuals who are really culpable or responsible for this flood control mess," paglalahad ng abogado.

Nais din umano ni Cabral na ipagtanggol ang kanyang sarili sa korte at hindi sa "court of public opinion".

Dismayado umano si Cabral dahil parang pinalalabas na siya ang mastermind sa flood control scam gayung ang opisina nito ay nakapokus lamang sa planning ng proyekto.



*Former Public Works Undersecretary Maria Catalina "Cathy" Cabral*

Isiniwalat din ni Divinagracia na mayroong anim na kahon na files sa tanggapan ni Cabral ang nawawala dahil hindi pa ito naibabalik sa bahay ng namayapa.

"I'm not sure. Well, we don't have it in our possession. The fami¬ly don't know where they are, so we don't know where it's stashed at the moment," wika ni Divinagracia.

"It's not in their… well, the last [time] we spoke, the last they looked for it in their house, it's not there," dugtong pa niya.

*- Abante News*

# DSWD ayuda, ititigil kapag may 'nakisawsaw' na mga politiko — Sec. Rex Gatchalian




*Sinuportahan ni Gatchalian ang kaniyang mga pahayag sa pagsasabing ito raw ay nakasaad bilang "explicit provision" sa binuo nilang "joint memo circular" kasama ang Department of Labor and (DEPDeV).*

Matapang na inihayag ni Department of Social Welfare and Development (DSWD) Secretary Rex Gatchalian na ititigil nila ang financial aid distribution o pamimigay ng ayuda at social services sa mga tao kung sakaling may makialam na mga politiko.

"Hindi ko papapuntahin 'yong mga paymaster namin at 'yong mga social worker namin habang nandoon 'yong mga politiko," saad ni Sec. Gatchalian sa isinagawang press briefing ng Presidential Communications Office (PCO) nitong Lunes, Enero 12.

"We have the option to stop, 'di ba, 'pag nag-gatecrash, we can stop," sagot naman ng kalihim kung sakaling biglaan ang pagpunta ng politiko sa distribution site.

Sinuportahan ni Gatchalian ang kaniyang mga pahayag sa pagsasabing ito raw ay nakasaad bilang "explicit provision" sa binuo nilang "joint memo circular" kasama ang Department of Labor and Employment (DOLE) at Department of Economy, Planning and Development (DEPDeV).

"Remember, we were tasked to create a joint memo circular among DSWD, DOLE, at saka DEPDeV—and may explicit provision doon na 'pag ka act of payouts, dapat wala talagang mga politiko. So what we intend to do, first things first, is to get that provision and explicitly move it to the memo circular for AICS," ani Gatchalian.

Giit pa niya, "Alam n'yo, ang line of defense talaga namin will be our social workers. These are professionals. I don't wanna speak for the other departments na may ganitong provision but kami, may extra line of defense kami, 'yong mga social worker namin—and these professionals will not allow themselves to be used for political gain of anybody."

Nang matanong kaugnay sa "legislation" patungkol dito, tahasang inihayag ni Gatchalian na iiwan niya na lamang daw ito sa "best judgment and wisdom" ng mga mambabatas.. --***eBALITA***




## FILIPINO MEDIA SCENE IN TORONTO

# One Fell Into Disgrace, Others Due to Attrition

**By ROMEO P. MARQUEZ**
*Editor, The Filipino Web Chan*

**TORONTO** - Of the dozen or so newspapers in the Filipino community that had filled the void of information from the homeland, only a few, no higher than five, have managed to survive publishing challenges.

These are the fortnightlies and monthlies which continue to come out, perhaps below self-declared, unaudited circulation figures, probably as a matter of commitment to a dwindling number of advertisers.

The internet, and with it the arrival of social media - YouTube, Vimeo, Facebook, Instagram, etc. - had rendered print periodicals impracticable to operate profitably.

More so if these papers' target market is so small to sustain a dozen tabloids whose contents are boringly similar, if not a duplication of articles and photos appearing in others. Read one and you read them all.

That was what I observed when I moved here from California in 2010. Nothing of significance has changed, only the handful of stragglers trying to make it worthwhile to retain what they felt was their influence on the community.

The attrition was not entirely surprising. The few that stayed afloat relied on family and supporters, mostly from friendly advertisers who didn't care about the political leanings of the editors and owners of the paper.

One tabloid, The Philippine Reporter (TPR), had lived through 35 years ending April or May 2024 immersed in left-wing politics in the Philippines. *(Related story: https://filwebchannelmagazine.blogspot.com/2025/10/garcia-couple-jailed-for-leftist.html).*

No wonder, as its owners and editors, the spouses Hermie Garcia and Mila A. Garcia, appeared to have carried over to Toronto their alleged subversive activities that had resulted in their imprisonment once the strongman Ferdinand E. Marcos had declared martial law in the Philippines in September 1972.

> ***"It is better to offer no excuse than a bad one."***
>
> - George Washington

The Garcias disgraced themselves by what amounted to a "criminal" enterprise deceiving not only two TPR writers - artist Michelle Chermaine Ramos and an Edmonton-based intern who did not want to be identified - but also the Department of Canadian Heritage and the National Ethnic Press and Media Council of Canada (NEPMCC). *(Related video: https://www.youtube.com/watch?v=WTJc42WrFRQ).*

For months, the two scribes were led to believe the release of their salaries from government-funded Local Journalism Initiative (LJI) were being withheld by an unidentified official of Canadian Heritage.

It was a lie, a falsehood Ms. Ramos serendipitously discovered while seeking answers to her queries from officials of NEPMCC, the government-appointed overseer of LJI. *(Related story: https://filwebchannelmagazine.blogspot.com/2025/09/nepmcc-official-condemns-lies-by-tpr.html).*

TPR and the Garcia couple being members of NEPMCC are recipients of taxpayer money granted by Canadian Heritage and disbursed by NEPMCC through LJI solely for the salaries of LJI-accredited reporters, in this case, Ms. Ramos and the intern.

Not only was the lie perpetrated on the two writers; the Garcias went up higher in the food chain to solidify their deception. *(Full story: https://filwebchannelmagazine.blogspot.com/2023/12/issues-affecting-ethnic-press-and.html).*

Hermie Garcia claimed a "grant guy" at Canadian Heritage had been impeding the release of the writers' salaries for some reason he himself had concocted.

Moreover, he also maintained that NEPMCC needed some forms or reports to be filled up for salaries to be turned over to them.

***None of it was true.***

NEPMCC managing director and board member Maria Voutsinas informed Ms. Ramos that everything Hermie Garcia told her was a fabrication.

The truth was that the NEPMCC had already released to Hermie Garcia the LJI grant money in full lump sum even before the LJI could begin, according to Ms. Voutsinas.

That meant salaries for Ms. Ramos and the Edmonton writer had been in Garcia's hands all along. The "grant guy" so called that Garcia had blamed was also fictitious.

It's been more than three years since the deeply disturbing complaint by Ms. Ramos against the husband-and-wife team running what now appears to be defunct TPR remains unacted, and perhaps ignored.

We shouldn't just let go of this. Filipino community leaders and the local press club must take note and act, for that tabloid had enshrined in its masthead (The Philippine Reporter) the very name of our homeland, and by extension, our people.

By inaction, should we just turn a blind eye and perpetuate the notion that Filipinos are corrupt, and that the debauchery obtaining in the homeland has found practitioners in our adopted country, specifically in the Greater Toronto Area? *(Related video: https://www.youtube.com/watch?v=X9DER6NVdAI).*

**Ours and the country's reputation is at stake!**

Serving Our Community Since 2000

Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



ADVERTISE TO TALIBA NEWS...IT WORKS! • talibaFlipzMedia.com • 416-989-7336 / 647-287-1870

# Vancouver Lapu-Lapu Day festival magbabalik ngayong 2026, nakapokus sa paghilom

### Ang 2026 edition ng pista ay magaganap sa Abril 17-19




Sinabi ng pinuno ng Filipino B.C. na ang pagsasagawa ng 2026 Lapu-Lapu Day festival sa Vancouver ay "important for collective healing" matapos mamatay ang 11 katao at dose-dosena ang nasaktan sa isang alleged vehicle attack noong nakaraang taon.

Sinabi ni RJ Aquino na narinig ng organisasyon loudly and clearly mula sa komunidad na importanteng magbalik ang kultural na selebrasyon upang tiyakin na it won't only be remembered for the tragic events of April 26.

It is going to continue to be a celebration and a healing event for everybody involved, sinabi niya sa isang interbyu sa The Canadian Press kamakailan

Aniya ang 2026 event, na magaganap isang linggo bago ang anibersaryo ng trahedya, ay magbibigay-pugay sa mga biktima at sinuman na naapektuhan ng trahedya.

Sinabi ng organisasyon sa isang news release na inanunsyo ang pista na kinikilala nito ang shared grief ng komunidad.

Sinabi ni Aquino na tiniyak ng organisasyon na ang mga biktima at kanilang mga pamilya ay engaged in the whole process habang pinaplano nila ang event, binigyang-diin na magkakaroon ng hindi bababa sa isang memorial gathering, bagama't ang mga espisipikong detalye ay ilalabas sa ibang petsa.

Ang pista ay magaganap sa weekend ng Abril 17-19, at sinabi ng grupo na ito ay malapit na makikipagtulungan sa Lungsod ng Vancouver, sa probinsya at first responders para tiyakin na magkakaroon ng safety measures.

Si Kai-Ji Adam Lo, ang lalaki na inakusahan na inararo ang kanyang sasakyan sa mataong pista noong Abril 26, 2025, ay nahaharap sa 11 counts ng second-degree murder at 31 charges ng attempted murder.

Nagdesisyon ang provincial court judge na siya ay fit to stand trial noong Setyembre.

Ang diumano'y pag-atake nagbunsod ng dalawang report tungkol sa kaligtasan sa mga community event, isa mula sa lungsod at isa mula sa probinsya.

Ang report ng gobyerno ng B.C. gumawa ng ilang rekomendasyon upang maiwasan ang mga ganitong trahedya, kasama ang paggawa ng risk assessments sa malaki at maliit na mga event at paglikha ng isang central training at support hub.

Sinabi ng mga opisyal ng Lungsod ng Vancouver sa kanilang review ukol sa kaligtasan ng publiko sa mga outdoor event na ang Lapu-Lapu Day festival ay wastong na-assess bilang low risk at walang indikasyon na ito ay magiging target ng vehicle ramming.

Ang ilang biktima ng trahedya ay nag-file ng proposed class-action lawsuit sa B.C. Supreme Court, inakusahan si Lo na na-diagnose ng schizophrenia bago ang araw ng pista at hiniling niya na bawasan ang kanyang antipsychotic medication, kahit na ang kanyang mental health ay lumalala.

Ang lawsuit pinangalanan bilang defendants ang Lungsod ng Vancouver, Vancouver Coastal Health authority at si Lo. *-RCI*



*Filipino B.C. chair RJ Aquino makikita sa litrato na ito na kuha sa isang news conference noong 2025.*

# BALIKAN | Mga ulat sa Tagalog ng RCI sa taong 2025

## Narito ang mga ulat ng Radio Canada Inter - national Tagalog sa taong 2025 kasama ang istorya tungkol sa Pinoys on Parliament




### *Temporary residents na nais permanenteng manirahan sa Quebec naipit sa patakaran*




*Isa sa libo-libong work permit holders si Shirley Roxas, isang Pilipino na temporary worker, sa Salaberry-de-Valleyfield, Que.*

Nahirapan ang ilang temporary residents sa probinsya ng Quebec dahil sa mga binagong patakaran ng imigrasyon. Bukod sa hahanapan ng proficiency sa French language, ilang temporary workers ang nahirapan sa paghahanap ng employer para ma-renew ang work permit.

### *Bilang ng mga dumating na TRs sa Canada bumagsak, aalis inaasahang tataas*



*Naglabas ng saloobin ang temporary residents sa kanilang mga naranasan at sa pagbabago ng patakaran sa imigrasyon. Apektado na temporary workers at employers nagpalitan ng kuro-kuro sa ginanap na Tulay at Gabay sa Victoria B.C*

Patuloy na bumabagsak ang bilang ng mga dumating habang tumataas naman ang mga umaalis na temporary residents (TRs) sa bansa. Ang mabawasan ang bilang ng international students at temporary workers sa Canada ay parte ng ginagawang hakbang ng gobyerno para pagaanin ang tensyon sa pabahay, imprastraktura at mga serbisyo gaya ng healthcare.

### *Nagbigay ng karangalan sa komunidad ang tatlong Filipino-Canadian*



*Mula kaliwa, sina Mike Borlongan, Khristine Cariño at Rodolfo D. Lastimosa Jr. ang Filipino Canadian achievers na pinarangalan sa Top 25 Canadian Immigrant Awards ngayong taon.*

Tatlong natatanging indibidwal ang nagbigay karangalan sa komunidad ng mga Pilipino sa Canada sa ginanap na seremonya para sa Top 25 Canadian Immigrant Awards sa TIFF Lightbox sa Toronto noong Agosto. Kabilang sa 25 awardees ang Filipino Canadian achievers na sina Mike Borlongan, Khristine Cariño at Rodolfo D. Lastimosa Jr. na mula sa iba't ibang bahagi ng Canada. Isa-isa natin silang kilalanin.

### *Kakayahan at ugnayan ng mga lider na Pinoy Canadians pinalalim*




*Tumayo bilang punong-abala sa ika-4 na taunang FCNC Leadership Convention si Marjorie Carmona Newman. Ang taunang kombensyon para sa mga lider na Pilipino ay idinaos sa Calgary, AB noong Agosto 2025.*

Ang tulungan ang komunidad ng Filipino Canadians na mapalakas ang ugnayan at suporta para sa kakayahan mamuno ang sentro sa naging talakayan sa ikaapat na Filipino Canadian National Congress Leadership Convention na ginanap kamakailan sa lungsod ng Calgary, Alta.

## *Hanapin ang sarili sa mosaic ng Canada: hamon ng POP 2025*



*Binuksan ang Pinoys on Parliament: Panahon 2025 sa kultural na pagtatanghal at mga palitan ng kuro-kuro sa sining sa Sir John MacDonald Building, sa Parlamento, lungsod ng Ottawa, ON.*

Ang Pinoys on Parliament (POP) ay taunang idinadaos na kumperensya para himukin ang kabataang Pilipino na mamuno sa alinman na sektor na tatahakin at saan man sila naroon sa Canada. Iniimbitahan ang mga nasa edad 16 hanggang 30 na makibahagi sa naturang youth leadership conference. Binuksan ang POP na tema ang Panahon 2025 sa isang welcome gala na ginanap sa Sir John Macdonald Building sa Parlamento.

## *Mga grupo sa Toronto ikinampanya na magkaisa laban sa korapsyon sa Pilipinas*




*Pinagtibay ang pagkakaisa at panawagan ng mga grupo sa pangunguna ng Malaya Canada at Bayan Canada sa Greater Toronto Area na magkaisa sa kampanya laban sa korapsyon sa Pilipinas.*

Isang sama-samang pagkilos ang itinutulak ng ilang organisasyon sa Greater Toronto Area sa itinatag na TAMA NA o Taumbayan Ayaw sa Magnanakaw at Abusado, humimok sa mga Pilipino sa Canada na samahan ang laban kontra korapsyon sa Pilipinas.

## *Bayanihan Centre sa lungsod ng Victoria hinahanapan ng mas malaking espasyo*




*Ang Philippine Bayanihan Community Centre ay nakatayo sa 1709 Blanshard St. sa lungsod ng Victoria, BC. na nagsilbing tahanan sa komunidad ng mga Pilipino sa lungsod.*

Ang gusali ng Philippine Bayanihan Community Centre o Bayanihan Centre ay mahigit dalawang dekada nang naging tahanan sa maraming pagtitipon at cultural events na kumonekta sa komunidad ng mga Pinoy sa Victoria, B.C. Sinisikap ngayon ng Bayanihan Cultural and Housing Society (BCHS), namamahala sa centre, ang makalikom ng pondo at makahanap ng espasyo na tatayuan ng bagong gusali para sa lumalaking komunidad ng mga Pilipino.

## *Lutong Pinoy na mahahanap sa Toronto itatampok sa Locals Welcome*



*Sinamahan ni Suresh Doss, gitna, ang special guest ng Locals Welcome na si Jesse Asido, kanan, sa handaan ng kanilang pamilya tampok ang lutong Pilipino.*

Tinuklas ang Little Manila at umupo sa hapag-kainan si Suresh Doss, isang food writer at host ng ***Locals Welcome*** ng CBC, para tikman at maihatid sa mga manonood ang tampok na mga pagkain na nagpapakita sa food mosaic at diverse na komunidad ng Canada.

## *Mga pelikulang tatak Pilipino mapapanood sa TIFF 2025*



***Isang still mula sa pelikulang 'Magellan.'***

Ngayong mapapanood sa Toronto International Film Festival (TIFF) ang mga pelikulang idinirehe, isinulat o prinodyus ng mga batikang filmmaker mula sa Pilipinas. Silipin ang mga pelikulang taglay ang tatak Pilipino sa TIFF 2025.

## *Magkakaroon na kaya ng Pinoy sa konseho ng Edmonton? 5 ang kumandidato*




*(Mula kanan - pakaliwa) Sina Giselle General, Manny Bautista, Nicky Gocuan, Annie Chua-Frith at Rajah Maggay ay kapwa kumandidato para sa seat ng Edmonton City Council.*

Inaabangan ngayon kung sa unang pagkakataon ay magkakaroon ng Canadian Pinoy na uupo sa city council ng Edmonton — ang kabisera ng probinsya ng Alberta. Malaki ang kumpiyansa ng limang kumandidato mula sa komunidad ng mga Pilipino na handa sila sa mga hamon ng panunungkulan sa konseho.

## *Mga programa at ang binago sa imigrasyon ng Canada tinalakay sa Edmonton*




*Iprinisenta ng immigration consultants na sina Mary Grace Undag, kaliwa, at sina Marjorie Carmona Newman, Mac Pagaduan, Sonny Young at Amelia Ajoc ang mga dapat paghahanda at ang magkaibang pathways sa probinsya at pederal na gobyerno.*

Ginanap ang isang komprehensibong talakayan ukol sa programa ng imigrasyon sa Canada, pamaraan sa nominasyon ng probinsya at sinagot ang mga tanong para sa mga nagnanais manirahan nang permanente sa bansa.

Ang Immigration Forum na idinaos sa hilagang-kanlurang Edmonton ay dinaluhan ng ilan sa temporary workers at international students na nais alamin ang pathways para sila at ang kanilang pamilya ay maging permanent resident.

## *Canada at Pilipinas nilagdaan ang SOFVA*



*L-R: David McGuinty, Minister of National Defence ng Canada, at ang Philippine Secretary of National Defense, Gilbert Teodoro.*

Sa pangunguna nina Canadian Defence Minister David McGuinty at PH Defence Secretary Gilbert Teodoro, nilagdaan ng dalawang opisyal ang Status of Visiting Forces Agreement (SOVFA) sa pagitan ng Canada at Pilipinas sa lungsod ng Makati noong Nobyembre. ***RCI***



# JOKES OnLEE

*A husband coming home from a confession, suddenly he lifted his wife and carried her.*

**Wife:** *Why did the priest tell you to be romantic like this?*

**Husband: No, he told me to carry my cross!**

Wonder girls may say,
**"I want nobody, nobody but you.."**
Then, the boys will reply,
**"I want your body, your body not YOU!!!"**

True bravery is to arrive home.. fully drunk from late night out and mom waiting with a broom in hand, then you asked:
**"Hey mom, still cleaning?"**

What's the difference between a poorly dressed man on a tricycle and a well-dressed man on a bicycle? ***Attire!***

**How does NASA organize a party?**
*They planet.*

# Ginang sa India, kinasuhan ang mister nang matuklasang panot ito at naka-wig lang pala!

**DESIDIDONG** ipakulong ng ginang sa Uttar Pradesh ang kanyang mister at mga biyenan matapos umano siyang¬ "mabudol" ng mga ito bago pa man ang kanilang kasal noong January 2024.

Sa reklamo ni Lavika Gupta sa pulisya, iginiit niyang naging biktima siya ng deception dahil habang sila noon ay nasa "matchmaking stage" pa lamang ay ipinangako sa kanya ng lalaking may "makapal at healthy" na buhok.

Huli na nang madiskubreng panot pala ang mister na si Sanyam Jain at gumagamit lamang ng wig upang itago ang kanyang pagkakalbo.

Bukod sa isyu ng buhok, nabuking din ni Gupta na peke ang credentials ng lalaki na pinasa noon sa kanilang matchmaker.

Sa biodata nito, nakasaad na Bachelor of Commerce graduate ito at kumikita ng Rs 18 lakh (1.1 million pesos), ngunit napag-alamang hanggang Class 12 (Senior High School) lamang ang natapos nito at nagsinungaling sa tunay na suweldo.

Mas bumigat pa ang kaso nang ibunyag ng misis na sinaktan siya ng mister habang nagbabakasyon sila sa ibang bansa at pinilit pa siyang magpuslit ng



marijuana mula Thailand pabalik ng India.

Bagama't agaw-atensiyon sa publiko ang reklamo tungkol sa peluka, mas seryosong tinututukan ng mga awtoridad ang mga alegasyong kriminal tulad ng fraud, physical assault, at ang tangkang drug smuggling, habang inaantabayanan ang paghahrap ng magkabilang panig sa mga susunod na pagdinig. - ***PSN***



# CFO youth immersion program transforms diaspora's perception of the Philippines

The Commission on Filipinos Overseas (CFO) is intensifying its strategic efforts to anchor second-generation Filipinos to their heritage, hosting a high-level exchange with Filipino-Australian youth delegates as part of the 2026 Youth Leaders in the Diaspora (**YouLeaD** ) program.

Led by CFO Secretary Dante "Klink" Ang II, the engagement with participants from the Australian-Filipino Community Services (AFCS) serves as a cornerstone of the commission's mandate to permanently link the diaspora to the Philippines across cultural, economic, and political dimensions.

The **YouLeaD** program is designed to transform the diaspora's perception of the Philippines from a distant ancestral land into a vibrant partner for their professional and personal futures.

Ang recently engaged the delegates in a reflection on their immersion, emphasizing that their journey is a vital component of the CFO's mission to ensure the Filipino identity thrives across borders.

"Our goal is to build bridges that are not only emotional but functional," Ang said. This vision was echoed by AFCS Chief Executive Officer Corina Dutlow, who noted that this pilot team is the first of many expected to participate in the **YouLeaD** initiative.


The discussions moved beyond cultural appreciation to explore substantive economic and political ties. A key proposal involved linking Australian and Philippine universities to promote academic exchange and encourage the diaspora to pursue higher education or specialized courses in the Philippines.

Such partnerships represent a "brain gain" for the Motherland, fostering bilateral educational ties that can lead to future trade and professional collaborations. Furthermore, the group discussed developing **YouLeaD** modules centered on specific career tracks—including media, fashion, and technology—to show young Filipinos abroad how their professional expertise can intersect with Philippine industries.

Undersecretary Ma. Arlene S. Borja encouraged the delegates to maintain their engagement, noting that a politically and economically active diaspora strengthens the Philippines' standing on the global stage.

Recognizing that language is the primary vessel of heritage, the participants attended a Basic Conversational Filipino Workshop led by Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) Director General Jomar Cañega. The interactive session focused on daily expressions, providing the youth with the linguistic tools necessary to navigate their ancestral home with confidence.

***"Our goal is to build bridges that are not only emotional but functional"***



The day concluded with a deep cultural immersion in the historic walled city of Intramuros in Manila.

At the heritage restaurant Barbara's, the delegates witnessed a showcase of regional dances, including the Pandanggo sa Ilaw and Singkil. The evening peaked with a hands-on

Tinikling session, where the participants joined the performers between the rhythmic clashing of bamboo poles.

By integrating language, education, and tradition, the CFO continues to fulfill its vision of a global Filipino community that remains deeply rooted in the Motherland, ensuring that the ties to the Philippines are not just a matter of history, but a pathway to future shared prosperity.

**About the Commission on Filipinos Overseas**

*The Commission on Filipinos Overseas (CFO), established under Batas Pambansa Blg. 79, is dedicated to the welfare and empowerment of Filipinos permanently residing abroad. It is distinct from the Department of Migrant Workers, which primarily addresses the needs of Overseas Filipino Workers (OFW) and other temporary migrants.*

*The CFO, which is an agency under the Office of the President, works to strengthen the social, economic, and cultural ties of global Filipinos with their home country. Its primary stakeholders include Filipino permanent migrants, dual citizens, spouses and partners of foreign nationals, individuals under the Exchange Visitor Program, au pair participants bound for Europe, and Filipino descendants overseas.*

***For more information, please contact Atty. Jan Karlo Magracia of the Office of the Secretary at jkmagracia@cfo.gov.ph.***

# 8 sa 10 Conservative Canadians sinabi na masyadong marami ang pumapasok na imigrante

Ang suporta ng publiko para sa imigrasyon ay bumabagsak, partikular sa mga Conservative, ipinakita ng isang bagong poll mula sa Environics Institute.

**Ano ang nangyayari**

Walumpu't dalawang porsyento ng Conservative na mga botante sinabi na ang pederal na gobyerno ay nagpapasok ng masyadong maraming imigrante, doble ng dami mula 2020.

Ito ang pinakamataas na numero na naitala ng Environics para sa anumang demographic group sa 48 taon na sinusubaybayan nito ang mga opinyon tungkol sa imigrasyon.

Ang numero para sa Canadians sa kabuuan ay tumaas din, 56 porsyento ng Canadians sinabi na masyadong maraming imigrante ang dumadating sa bansa.

**Pagtingin sa hinaharap**

Ito ay isang drastiko na pagbabago ng opinyon mula noong COVID-19 na pandemya, at dahil tumaas din ang imigrasyon noong panahon na iyon.

Sa ilalim ng huling Liberal na gobyerno, ang populasyon ng Canada ay tumaas ng humigit-kumulang isang milyong katao kada taon sa loob ng tatlong magkakasunod na taon, sinubok ang health-care system at housing market ng bansa.

Ipinakita sa survey na ang Conservative na mga botante ay hindi nagugustuhan ang pagbabago.

Sa nakalipas kasi, kung paano bumoboto ang isang tao sa pederal na eleksyon ay hindi seryoso ang kanilang pananaw sa imigrasyon, ayon kay Keith Neuman, isang senior associate sa Environics Institute. ***RCI***




***Ang storefront ng isang immigration consultant makikita sa Surrey, B.C.__***




# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***




***For More Information CALL: 647-877-6133***

**VR Stones & Quartz Inc.** is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.

At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.

With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

***Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!***

# Traslacion 2026 mapayapang isinagawa sa Pilipinas



*Ang Traslacion ay tradisyonal na nagsisimula ng 5 a.m. pagkatapos ng panalangin sa madaling araw, Maynila nang nakaraang Enero 9, 2026. Ang gobyerno ng Pilipinas nagpadala ng 18,000 na pulis sa event*

**MANILA, PILIPINAS**: Ang Traslacion, ang taunang relihiyosong parada tampok ang Kapistahan ng Hesus Nazareno, ay nanatiling maayos mula Biyernes Enero 9 ng tanghali (PH time) sa gitna ng malaking turnout ng mga deboto, ayon sa pulisya.

Our police personnel are fully deployed and visible along the route, and we are maintaining a high level of alertness to ensure the safety of everyone, sinabi ni acting PNP chief Lt. Gen. Jose Melencio Nartatez Jr.

Nakikita na maayos ang crowd control, at tuloy-tuloy ang coordination with other government agencies and volunteers. We are closely monitoring the situation and ready to adjust our deployment as needed, ani Nartatez.

Ang prusisyon ay nagsimula isang oras na mas maaga kaysa karaniwan, ang andas na dala-dala ang imahe ng Hesus Nazareno umalis sa Quirino Grandstand ng 4 a.m. (lokal na oras) patungo sa Minor Basilica at National Shrine of Jesus Nazareno, o Quiapo Church, sa Quezon Boulevard. RCI

# Ekonomiya ng Canada nagdagdag ng 8,200 trabaho 12/26

***Ang ekonomiya ng Canada ay nagdagdag ng 8,200 na trabaho noong Disyembre bagama't a****ng* unemployment rate ay tumalon sa 6.8 porsyento upang tapusin ang taon habang mas maraming tao ang naghanap ng trabaho.

Ang full-time employment tumaas ng 50,200 noong Disyembre, at ang part-time employment ay bumaba ng 42,000.


Ang mga analyst na sinurvey ng Reuters inaasahan ang pagkawala ng 5,000 na posisyon at ang pagtaas ng jobless rate sa 6.6 porsyento.

Ang resulta para sa Disyembre dumating matapos ang tatlong buwan ng outsized gains sa employment. Ang ekonomiya nagdagdag ng kabuuang 181,000 na bagong trabaho mula Setyembre hanggang Nobyembre, kontra sa halos walang pagbabago sa unang walong buwan ng 2025, nang sinakal ng U.S. tariffs at trade • uncertainty ang hiring.



*Ang mga aplikante sa job fair ng CNE naghihintay sa pila sa Enercare Centre sa*

Ang average na suweldo kada oras ng permanenteng empleyado — isang sukatan na mahigpit na binabantayan ng Bank of Canada upang alamin ang inflationary trends — ay tumaas ng 3.7 porsyento, bumaba mula 4.0 porsyento noong Nobyembre. **RCI**




MATUTO KAY JESUS

# "Makaririnig Kayo ng Ingay ng mga Digmaan"



"Mula noong maging journalist ako noong 1960's, nakapag-ulat na ako nang mahigit sa 40 digmaan. Nasaksihan ko ang kasagsagan ng Cold War at kung paano ito biglang natapos. **Pero iba ang 2025. Ngayon lang ako nag-alala nang ganito.** Bukod sa napakaraming nangyayari na malalaking digmaan, may isa sa mga iyon ang posibleng makaapekto nang malaki sa mundo."—John Simpson, BBC world affairs editor.

Nag-aalala ang mga tao sa mga nangyayaring digmaan sa mundo. Iniisip ng marami kung matatapos pa ang mga iyon. Ano ang itinuro ni Jesus?

**Ang itinuro ni Jesus**

Inihula na ni Jesus ang mga pangyayaring nakikita natin sa ngayon. Nagbabala siya sa mga tagasunod niya: "Makaririnig kayo ng ingay ng mga digmaan at ng mga ulat ng digmaan."—Mateo 24:6.

Totoo, nakakapag-alala ang mga digmaan at kaguluhan sa ngayon, pero may dahilan pa rin tayong umasa na may mangyayaring maganda. Bakit? Kasi itinuro ni Jesus na ang malalaking digmaan—kasama ng iba pang pangyayari, kalagayan sa mundo, at pag-uugali ng mga tao—ang bubuo sa "tanda" ng "katapusan ng sistemang ito." (Mateo 24:3; Lucas 21:7) Ipinapakita niyan na darating ang panahon na aalisin ni Jesus ang mga digmaan. Paano?

**Ang gagawin ni Jesus**

Bilang Hari ng Kaharian ng Diyos, malapit nang kumilos si Jesus para 'patigilin ang mga digmaan sa buong lupa.'—Awit 46:9.

Para malaman pa kung paano mangyayari ang napakagandang kinabukasang ito at ang magiging buhay natin sa panahong iyon, basahin ang artikulong "Kung Paano Magwawakas ang Digmaan at Kaguluhan." **- JW.org**

# Nagbabala ang mga Politiko na Malapit na ang Armagedon—Ano ang Sinasabi ng Bibliya?



Noong umaga ng Lunes, Oktubre 10, 2022, nagpaulan ang Russia ng mga missile sa iba’t ibang lunsod sa Ukraine. Ginawa nila ito bilang ganti sa nangyaring pagsabog na sumira sa isang mahalagang tulay na nag-uugnay sa Crimea at Russia dalawang araw bago nito. Dahil sa mga pangyayaring ito, nagbabala ang mga politiko na parang malapit na ang Armagedon.

“Mula nang mangyari ang Cuban Missile Crisis noong panahon ni [U.S. President John F.] Kennedy, ngayon lang uli tayo naging ganito kalapit sa Armagedon. . . . Parang imposibleng hindi mauwi sa Armagedon ang sitwasyon ngayon kung ganito lang kadaling gumamit ng mga nuclear weapon.”—Joe Biden, Presidente ng U.S., Oktubre 6, 2022.

“Naniniwala ako na malapit na ang Armagedon. Buong planeta ang nanganganib ngayon.”—Volodymyr Zelensky, Presidente ng Ukraine, nang tanungin tungkol sa magiging epekto ng paggamit ng mga nuclear weapon, BBC News, Oktubre 8, 2022.

Mauuwi nga ba sa Armagedon ang posibleng paggamit ng mga nuclear weapon? Ano ang sinasabi ng Bibliya?

Mauuwi ba sa Armagedon ang paggamit ng mga nuclear weapon?

Hindi. Minsan lang sa Bibliya, sa Apocalipsis 16:16, mababasa ang salitang “Armagedon.” Hindi ito digmaan sa pagitan ng mga bansa. Digmaan ito sa pagitan ng Diyos at ng “mga hari ng buong lupa.” (Apocalipsis 16:14) Gagamitin ng Diyos ang Armagedon para wakasan ang pamamahala ng tao.—Daniel 2:44.

Para malaman kung ano ang magiging epekto ng Armagedon sa lupa, basahin ang artikulong Ano ang Digmaan ng Armagedon?

Magugunaw ba ang buong mundo dahil sa digmaang nuklear?

Hindi. Kahit gumamit pa ng mga nuclear weapon ang mga namamahala, hindi hahayaan ng Diyos na magunaw ang mundo. Sinasabi ng Bibliya:

“Ang lupa ay mananatili magpakailanman.”—Eclesiastes 1:4.

“Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at titira sila roon magpakailanman.”—Awit 37:29.

Pero ipinapakita ng mga hula sa Bibliya at ng mga nangyayari ngayon na malapit nang magkaroon ng malaking pagbabago sa lupa. (Mateo 24:3-7; 2 Timoteo 3:1-5) Alamin ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa mangyayari sa hinaharap. Subukan ang libreng pag-aaral sa Bibliya kasama ng mga Saksi ni Jehova.

# Kailan ang Katapusan ng Mundo?

### Ang sagot ng Bibliya

Para malaman kung kailan ang katapusan ng mundo, mahalagang maunawaan kung paano ginagamit ng Bibliya ang terminong "mundo" o "sanlibutan." Ang salitang Griego na ***ko'smos***, na karaniwang isinasalin na "sanlibutan," ay kadalasang tumutukoy sa sanlibutan ng sangkatauhan, lalo na sa mga taong hiwalay sa Diyos at salungat sa kaniyang kalooban. (Juan 15:18, 19; 2 Pedro 2:5) Kung minsan, ang ***ko'smos*** ay tumutukoy sa sistema ng lipunan ng tao.—1 Corinto 7:31; 1 Juan 2:15, 16.

## Ano ang "katapusan ng mundo"?

Ang pananalitang "katapusan ng mundo," na lumilitaw sa maraming salin ng Bibliya, ay maaari ding isalin na "katapusan ng sistemang ito," o "katapusan ng panahon." (Mateo 24:3; Ang Biblia—Bagong Salin sa Pilipino) Hindi ito nangangahulugan ng pagkapuksa ng lupa o ng lahat ng tao, kundi ng katapusan ng sistema ng lipunan ng tao.—1 Juan 2:17.

Itinuturo ng Bibliya na "ang masasama ay lilipulin" upang magkaroon ng masayang buhay sa lupa ang mabubuting tao. (Awit 37:9-11) Ang pagkapuksang ito ay mangyayari sa "malaking kapighatian," na magtatapos sa digmaan ng Armagedon. —Mateo 24:21, 22; Apocalipsis 16:14, 16.

## Kailan ang katapusan ng mundo?


Sinabi ni Jesus: "Tungkol sa araw at oras na iyon ay walang sinuman ang nakaaalam, kahit ang mga anghel sa langit o kahit ang Anak, kundi ang Ama lang." (Mateo 24:36, 42) Sinabi pa niya na ang pagdating ng wakas ay biglaan, "sa oras na hindi ninyo inaasahan."—Mateo 24:44.

Kahit na hindi natin alam ang eksaktong araw at oras, nagbigay si Jesus ng "tanda," o mga pangyayari, na magpapakilala sa yugto ng panahon na hahantong sa katapusan ng mundo. (Mateo 24:3, 7-14) Tinatawag ng Bibliya ang yugtong ito bilang ang "panahon ng wakas" at "mga huling araw."—Daniel 12:4; 2 Timoteo 3:1-5.

## May matitira pa ba makalipas ang katapusan ng mundo?

Mayroon. Naririto pa rin ang lupa, sapagkat sinasabi ng Bibliya na "hindi ito magagalaw sa lugar nito magpakailanman." (Awit 104:5) At ang lupa ay mapupunô ng mga tao, gaya ng pangako ng Bibliya: "Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at titira sila roon magpakailanman." (Awit 37:29) Ibabalik ng Diyos ang mga kalagayan ayon sa kaniyang orihinal na layunin:

- **Paraiso.**—Isaias 35:1; Lucas 23:43.
- **Katiwasayan at kasaganaan.** —Mikas 4:4.
- **Makabuluhan at kasiya-siyang gawain para sa lahat.**—Isaias 65:21-23.
- **Wala nang magkakasakit at tatanda.**—Job 33:25; Isaias 33:24.



## Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawa ng gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **www. JW.org** Basahin ang "***Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?***"







P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***